REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

**Sangguniang Panglungsod**

**KAUTUSANG PANLUNGSOD BILANG 07-136**

**KAUTUSANG PANLUNGSOD NA NAGSASAAD NG PARE-PAREHONG PAGPAPATUPAD NG HALAGA NG PAMASAHE PARA SA MGA TRAYSIKEL SA NASASAKUPAN NG LUNGSOD NG MUNTINLUPA ALINSUNOD SA ITINATAKDA /ITATAKDA NG LAND TRANSPORTATION AND FRANCHISING REGULATORY BOARD (LTFRB).**

**Ipinanukala nina :** **Kgg. Lucio B. Constantino**
**Kgg. Allen F. Ampaya**
**Kgg. Bal Niefes**
**Kgg. Francis Ian T. Bagatsing**
**Kgg. Allan Rey A. Camilon**
**Kgg. Inh. Marissa Cole-Rongavilla**
**Kgg. Melchor R. Teves**
**Kgg. Inh. Mamerto T. Sevilla, Jr.**
**Kgg. Kevin B. Delgado**
**Kgg. Mario E. Bulay, Jr.**
**Kgg. Mggl. Icasiano M. Dela Rea**
**Kgg. Christian Glenn D. Lorica**

**SAPAGKAT,** kinikilala ng Pamahalaang Lungsod ang tungkulin ng mga traysikel bilang isa sa mga pangunahing pamamaraan ng pambublikong transportasyon;

**SAPAGAKAT,** alinsunod sa Seksiyon 458(3) (vi) ng Republic Act 7160 ( Kodigo ng Lokal na Pamahalaan ng taong 1996); Artikulo 99 (a) (3) (vi) ng Implementing Rules and Regulations; at Artikulo V, Seksyion 11, (c) (6) ng Republic act, Bilang 7926 o tinatawag ng Karta (Charter) ng Lungsod ng Muntinlupa, ang Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa ay may kapangyarihang magbigay ng prangkisa upang isunod o ialinsunod sa batas ang operasyon ng mg traysikel sa nasasakupang lugar nito;

**SAPAGKAT,** ang mga operators at drivers ng traysikel sa Lungsod ng Muntinlupa ay humihiling sa Sangguniang Panlungsod na magkaroon ng pare-parehong pamasahe alinsunod sa itatakda ng Land Transportation and Franchising Regulatory Board:

**SAPAGKAT,** nagiging problema ng mga ito na sila ay hindi basta-basta makakapagtaas ng pamasahe hangga't hindi inaaprubahan ng Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa,

**SAPAGKAT,** sang-ayon sa **Seksiyon 15** ng **Kautusang Panlungsod Bilang 96-66,** ay nagsasaad na, **" xxx anumang karagdagang pamasahe ay kinakailangang batay sa kapahintulutan ng Sangguniang Panlungsod",**

**SAPAGKAT,** upang hindi na maghintay palagi ng kapasiyahan mula sa Sangguniang Panlungsod pinagkasunduan na kung ano ang itinatakda/itatakda ng batas nasyonal hinggil sa pagtaas/pagbaba ng pamasahe, ang pamasahe sa traysikel sa Lungsod ng Muntinlupa ay awtomatikong kasama;

**NGAYON DAHIL DITO, PINAPASYAHAN,** ng mga Miyembro ng Sangguniang Panlungsod na :

**Sangguniang Panglungsod**

Kautusang Panlungsod Bilang 07- 136
Pahina 2 ng 3 pahina

**SEKSIYON 1. Pamagat-** ang kautusang ito ay tatawaging **"Kautusang Panlungsod na nagsasaad ng pare-parehong pagpapatupad ng halaga ng pamasahe para sa mga traysikel sa nasasakupan ng Lungsod ng Muntinlupa alinsunod sa itinakda/ itatakda ng Land Transportation and Franchising Regulatory Board ( LTFRB)**.

**SEKSYON 2. Sakop** - Ang Kautusang ito ay sasakop sa lahat ng mga traysikel na legal na bumibiyahe sa nasasakupan ng Lungsod ng Muntinlupa.

**SEKSYON 3. Pamasahe**. Ang pagtataas/pagbaba ng halaga ng pamasahe ay alinsunod sa itinakda/itatakda ng batas nasyonal para sa pangtransportasyon;

**SEKSYON 4. Pagsasakatuparan**. Ang kautusang ito ay magiging epektibo matapos na mapagtibay ng Sangguniang Panlungsod at malagdaan ng Punonglungsod;

**SEKSYON 5. Sugnay na magpapawalang Bisa**. Ang lahat ng mga kapasiyahan, kautusan, alituntunin at patakaran o bahagi nito na taliwas sa mga probisyon ng Kautusang ito ay pinawawalang bisa o babaguhin ng alinsunod dito.

**SEKSYON 6. Sugnay na magbibigay bisa**. Ang Kautusang ito ay magkakabisa matapos na ito ay maaprubahan.

SUMANG-AYON:

**BAL NIEFES**
**Konsehal**

**FRANCIS IAN T. BAGATSING**
**Konsehal**

**ALLAN REY A. CAMILON**
**Konsehal**

**Inh. MARISSA COLE-RONGAVILLA**
**Konsehal**

**MELCHOR R. TEVES**
**Konsehal**

**LUCIO B. CONSTANTINO**
**Konsehal**

**ALLEN F. AMPAYA**
**Konsehal**

**Inh. MAMERTO T. SEVILLA, JR.**
**Konsehal**

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

**Sangguniang Panglungsod**



**KEVIN B. DELGADO**
**Konsehal**

**MARIO E. BULAY, JR.**
**Konsehal**

**Atty. ICASIANO M. DELA REA**
**Konsehal**

**CHRISTIAN GLENN D. LORICA**
**Kinatawan ng Sektor**
**Pangulo/ Pederasyon ng Sangguniang Kabataan**

**LIBAN:**

**MA. LUISA BABARAN ECHAVEZ,MD**
**Konsehal**

**RENE CARL S. CAYETANO**
**Konsehal**

**ELMER S. ESPELETA**
**Konsehal**

**ARTEMIO A. SIMUNDAC**
**Kinatawan ng Sektor**
**Pangulo/Samahan ng mga Punongbarangay**

**PINATUTUNAYAN KO ANG KATUMPAKAN NG ORDINANSANG ITO**

**CECILIA C. LAZARTE**
**Kalihim**

**PINATUNAYAN**

**MGGL. RAUL R. CORRO**
**Punong Panghapagang Mayorya/ Tumayong Pangulong Opisyal**

**PINAGTIBAY:**

**MGGL. JAIME R. FRESNEDI**
**Punonglungsod**
**Petsa:__________**